AHA! LEARNING CENTER'S
# ESKWELANG PAMILYA
/ahalearning /ahalearns

## READING FOR GRADES 3-6
### Aralin 8

| Pambungad |
|---|
| *Magandang araw sa iyo, munting mambabasa! Handa ka na bang basahin ang kwento ngayong araw? Sabay-sabay nating basahin ang librong* ***"Pambihirang Buhok ni Raquel" na isinulat ni Luis P. Gatmaitan, M.D.*** *Huwag mag-alala; gagabayan kita, kaibigan!* |

| **Reading for Grades 3 - 6 - Aralin 8** |
|---|
| Book Title: Pambihirang Buhok ni Raquel |
| Author: Luis P. Gatmaitan, M.D. |
| Source: Adarna House / Buribooks |

**I. Pagbati**
Magandang araw! Kumusta na tayong lahat ngayon? ☺☀ Narito muli si Teacher _____ para sa ating Reading Lesson! 🧡📚 Ang babasahin natin ngayong araw ay ang ikalawang parte ng "Pambihirang Buhok ni Raquel" ni Luis P. Gatmaitan, M.D. 👩🏽🏫

**II. Pangako Para sa Araling Ito** 🙏🏽
Bago tayo magsimula, ipangako natin sa isa't isa na:

(1) Dahan-dahang bibigkasin ang kada linya ng storya 📣
(2) Dadamdamin at sisikaping intindihin ang kwento at, 🤓
(3) Hindi matatakot magtanong kay Teacher o sa ating mga nakatatanda sa bahay kung may hindi tayo naiintindihan. 🧡👩🏽👨🏽👴🏽👵🏽

Ating tandaan ang mga pangakong ito. ☺

**III. Talasalitaan** 💬
Para mas maintindihan nang husto ang kwento, tingnan muna natin ang ilang mga salita sa ibaba na makikita natin sa kwento; baka hindi pamilyar ang mga ito sa atin!

Maaari ring magtanong sa mga nakatatanda kung ano ang ibig sabihin ng mga 'to kung kailangan ng karagdagang paliwanag! 🤔

**(1) Lumuwas** - umalis
**(2) Nagtampo -** nalungkot
**(3) Galas** - magaspang o mayabang na kilos o ugali
**(4) Sinalat** - kinapa

Kakayanin natin ito! Tara't alamin na natin ang mga susunod na pangyayari!
--

**IV.📚 PAMBIHIRANG BUHOK NI RAQUEL NI LUIS P. GATMAITAN M.D.**
*Bigkasin natin ang kada-linya* 📣

•Isang tag-araw ☀, nainip 😣 ako sa kahihintay pero hindi siya dumating. Tinanong ko sina Tatay 👨🏻 at Nanay 👩🏻 kung magbabakasyon sa amin si Raquel 👩🏻‍🦰. Hindi raw muna. Nasa ospital 🏥 daw kasi si Raquel. 👩🏻‍🦰

•Sa aking isip noon, itinatanong ko, "Paanong dinalaw ng sakit ang batang kay linis-linis?"🤔

•Kinabukasan, lumuwas 🚎 kami ng Maynila 🏙 para dalawin ang hinahangaan kong pinsan. At doo'y napansin ko ang maraming pagbabago sa kaniyang itsura. Mas lalo ba siyang pumuti? Nagtampo na ba ang kanyang mga ngiti? 🤔

•Pero nakalimutan ko agad 'yon. Bigla ko kasing napansin ang kanyang buhok 👩🏻‍🦰. Noong huli ko siyang nakita, pinaghalong dilaw at pula ang kulay nito. Ngayon ay kulay asul. Talagang iba ang pinsan kong taga-Maynila 🏙. Ang dating buhok na itim, napagiiba-iba. Pambihira! 😮

•Naging madalas ang pagluwas 🚎 namin para dalawin si Raquel 👩🏻‍🦰. At hindi pwedeng di kami maglaro kapag kami'y nagkikita. Pero, doon na lang kami sa bahay nila 🏠. Hindi na raw pwedeng maglaro si Raquel sa mga parke't karnabal🎠🎢🎡. Baka raw kasi siya mahawa ng sakit sa ibang mga bata. 🤒👧🏽👦🏽

•Inip na inip tuloy ako sa Maynila 🏙. Buti sana kung may naliligaw na alitaptap sa bakuran nina Raquel 👩🏻‍🦰. O kaya'y may maaakyatang puno 🌳 ng sinigwelas. Kaya hayun, ang buhok ni Raquel 👩🏻‍🦰 ang aking napagbalingan.

•"Raquel, gusto mo, itirintas ko ang buhok mo?" 🤔 Tatango siya, ngunit may paalala, "Dahan-dahan lang ha!" 😉

•At, nagsimula akong magtaka sa kakaibang hibla ng kanyang buhok. Bakit kay galas? Bakit hindi madulas? Bakit parang nakaalsa ang mga buhok na 'yon? 🤔

•Sinalat ko pa ang aking buhok 👩🏻 para ikompara. Hindi ito katulad ng buhok ni Raquel 👩‍🦰. Mas kagaya ng maynikang 👩‍🦳♀ basahan ang kaniyang buhok. A,

baka gano'n ang sosyal na buhok! 😮

•Minsan, habang inililipad ng hangin ang kaniyang buhok, may nasilip akong kakaiba sa kaniyang ulo. Itinanong ko tuloy kung ano ang makikita sa ilalim ng kaniyang makulay na buhok. 🤔

•Sabi niya, doon daw ay - may kahariang nakatago 🏰, may bahaghari 🌈, may taong maliliit 🧙‍♀️🧙‍♂️ na napakakukulit. Wiling-wili ako sa pakikinig at pangangarap ng sinasabi niyang pambihirang daigdig. Hindi ko napansin ang pagtakas ng kulay sa kaniyang mukha.
--

Ang galing naman magbasa! May susunod pa bukas kaya't abangan niyo ito ha!

**V. Gawain** ✏

Para sa ating gawain, balikan natin ang kwento.

🔎 Ano nga ba ang dahilan kung bakit hindi muna makakapagbakasyon si Raquel kina Ana?

🔎Kung dati ay pinaghalong dilaw at pula ang buhok ni Raquel, anong kulay nito noong lumuwas si Ana sa Maynila?

🔎 Bakit nga ba hindi na pwedeng maglaro si Raquel sa mga parke't karnabal? 🎡

🔎Noong tinitirintas ni Ana ang buhok ni Raquel, maraming katanungan ang kaniyang nabuo sa isipan. Tanda mo pa ba ang tatlong tanong na ito?

🔎 Ano ang sinabi ni Raquel na mga nakikita sa ilalim ng kanyang buhok?

**VI. Pagnilayan** 🙏🏽

Bago matapos ang ating aralin, ating pag-isipan ang katanungang ito::

Kung bibigyan ka ng pagkakataon na puntahan ang iyong paboritong pinsan, saan ito at ano ang lalaruin o gagawin ninyo sa kanilang lugar? 🤔

Kahit saan mo man napili at ano man ang gagawin niyo, sana ay iparamdam mo sa iyong pinsan o matalik na kaibigan kung gaano mo sila kamahal 🥰. Kung magkakasama kayo, sulitin ang pagkakataong makipaglaro at makipag-usap sa kanila. 😉

| Mga Sagot sa Gawain at Pagtatapos |
| --- |
| **VII. Sagot sa Gawain** ✏ |

🔎 Dahil si Raquel 👩🏻‍🦰 ay naospital 🏥. Ikaw, nagbabakasyon ka rin ba sa inyong probinsya? Kung oo, saan ito? 🤔

🔎 Kulay asul. 💙Maaari mo bang isulat ang paboritong kulay mo? 🤔

🔎 Dahil baka mahawa siya sa sakit sa ibang mga bata. 🤒👧🏽 Ikaw, nagpapahinga at nananatili ka ba sa loob ng inyong bahay kapag ika'y maysakit🤒? 🤔

🔎-Bakit magalas ang buhok ni Raquel?
-Bakit hindi ito madulas?
- At, bakit parang nakaalsa ang buhok nito? 🤔

Maaari mo bang ilarawan ang iyong buhok? 🤔

🔎Sabi niya, doon daw ay:
-May kahariang nakatago. 🏰
-May bahaghari. 🌈
-At, may taong maliliit na napakakukulit. 🧙🏼‍♀🧙‍♂

**VIII. Pagtatapos**✔️
May parte ba ng aralin na nahirapan ka? O may gusto ka bang ibahaging mga kasagutan sa grupo natin? Magmensahe lang po sa grupo, o maaari rin imensahe kay Teacher. ❤

-
This story was published by Adarna House.
This content is lovingly prepared by AHA! Learning Center.